ISANG LUGAR NA INIHANDA PARA SA IYO

PANIMULA

Mayroong isang taong nagngangalang Hesu-Kristo, Siya ang Dios na nagkatawang tao. Siya rin ang nag-apekto sa mundo na ang sistema ng pagtakda ng araw sa kalendaryo ay nabago sa B.C. (panahong bago ipinanganak si Kristo) at A.D. (sa taon ng Panginoon) upang ikutan ang paligid ng Kanyang buhay.

Hindi lamang siya gumawa ng mga himala habang siya ay lumalakad sa mundong ito, subalit pinahintulutan niya ang kanyang sarili upang ipako sa krus para sa ating lahat. Mahal niya ang kanyang mga nilikha ng lubusan. Ang nakapananabik na balita siya'y nabuhay na muli mula sa kamatayan. Ang kanyang salita ay nagsabi sa atin sa…

Mga Gawa 1:3

Pagkatapos na siya'y magdusa ay buhay siyang nagpakita sa kanila sa pamamagitan ng maraming mga katunayan. Nagpakita siya sa kanila sa loob ng apatnapung araw at nagsalita ng mga bagay tungkol sa kaharian ng Diyos.

I Timoteo 3:16

Walang pag-aalinlangan, dakila ang hiwaga ng kabanalan: siyang nahayag sa laman, pinatunayang matuwid sa espiritu, nakita ng mga anghel, ipinangaral sa mga bansa, sinampalatayanan sa sanlibutan, tinanggap sa itaas sa kaluwalhatian.

Si Hesu-Kristo ay gumawa ng espesyal na pangako sa lahat ng mga nagsisunod sa kanya sa buhay na ito. Sinabi niya sa …

Juan 14:2-3

Sa bahay ng aking Ama ay maraming tahanan. Kung hindi gayon, sasabihin ko ba sa inyo na ako'y paparoon upang ihanda ko ang lugar para sa inyo? At kung ako'y pumunta roon at maihanda ko ang isang lugar para sa inyo, ako'y babalik at kayo'y tatanggapin ko sa aking sarili, upang kung saan ako naroroon, kayo rin ay naroroon.

ANG PAG-AARAL NA ITO AY NAGPAPAKITA KUNG PAANO KA MAGIGING HANDA…

MGA TANONG - BILUGAN Tama o Mali

Ang mundo ay naapektuhan sa pamamagitan ni Hesu-Kristo na ang taunang kalendaryo ay napalitan ng B.C. at A.D. Tama / Mali

Ipinakita ni Hesu-Kristo ang kanyang sarili na siya'y buhay matapos na siya'y ipinako sa pamamagitan ng maraming mga katunayan - nakita sa loob ng apatnapung araw at nagsalita ng patungkol sa kaharian ng Diyos. Tama / Mali

Sinabi ni Hesus sa mga nagsisunod sa kanya, Ako'y pupunta upang ihanda ko ang lugar para sa inyo. Tama / Mali

IPINANGANAK NA MULI

Ito'y maaaring mahirap para sa isang tao na maunawaan na si Hesu-Kristo ay naghanda ng lugar para sa lahat ng mga nagsisunod sa kanya. Ang dahilan nito'y Siya ay nagsasalita patungkol sa espiritwal na konsepto. Sinabi ng Biblia sa …

I Corinto 2:14

Ngunit ang taong hindi ayon sa espiritu ay hindi tumanggap ng mga bagay ng Espiritu ng Diyos, sapagkat ang mga iyon ay kahangalan sa kanya at hindi niya iyon nauunawaan sa pamamagitan ng espiritu.

Katulad na lamang ng isang sanggol na hindi pa isinisilang na hindi mauunawaan ang itinuturo ng kanyang mga magulang kung paano tanggapin ang kanilang pagmamamahal, pagkalinga, pagkain, at tirahan hangga't ito ay maipanganak, ito rin ang katotohanan sa ispiritwal. Kaya't upang lubos na maunawaan, ang isa ay dapat na maipanganak na muli sa ispiritwal! Ating tingnan kung ano ang sinabi ni Hesus sa lalaking nagngangalang Nicodemo …

Juan 3:3-7, 9, 12

Sumagot sa kanya si Hesus, katotohanang sinasabi ko sa iyo, Malibang ang isang tao'y ipanganak na muli ay hindi niya makikita ang kaharian ng Diyos. Sinalbi sa kanya ni Nicodemo, Paanong maipanganganak ang isang tao kung siya'y matanda na? Makakapasok ba siyang muli sa tiyan ng kanyang ina, at ipanganak? Sumagot si Hesus, Katotohanang sinasabi ko sa iyo, malibang ang isang tao'y ipanganak sa tubig at ng Espiritu, hindi siya makakapasok sa kaharian ng Diyos. Ang ipinanganak ng laman ay laman at ang ipinanganak ng Espiritu ay espiritu. Huwag kang magtaka na aking sinabi sa iyo, Kailangang kayo'y ipanganak na muli. Sumagot si Nicodemo sa kanya, Paanong mangyayari ang mga bagay na ito? Kung sinabi ko sa inyo ang mga bagay na makalupa at hindi ninho pinaniniwalaan, paano ninyong paniniwalaan kung sasabihin ko sa inyo ang mga bagay na makalangit?

Dito, ipinabatid sa atin ni Hesus na tayo ay dapat na ipanganak na muli sa tubig at sa Espiritu upang makita o makapasok sa kaharian ng Diyos. Dahil imposible para sa Panginoong Diyos ang magsinungaling (Hebreo 6:18), maaari nating angkinin ang kanyang mga pangako.

Paanong maging posible ang maipanganak na muli? Ang ebanghelyo ni Hesu-Kristo ang magpapakita sa atin.

Lucas 18:27

Subalit sinabi niya, Ang mga bagay na hindi magagawa ng mga tao ay magagawa ng Diyos.

Juan 5:39

Sinasaliksik ninyo ang mga kasulatan sapagkat iniisip ninyo na sa mga iyon ay mayroon kayong buhay na walang hanggan; at iyon ang nagpapatotoo tungkol sa akin.

Sa madaling salita, nais nating makasiguro na tayo'y sumusunod sa plano na iniwan ni Hesus sa kanyang salita upang tayo ay maaring maging handa para sa lugar na mayroon siya para sa atin. Ipinaalam niya sa atin ang pangangailangan ng may madaliang pagkilos upang magsisi at maniwala.

Marcos 1:15

Na sinabi, Naganap na ang panahon at malapit na ang kaharian ng Diyos: kayo'y magsisi at manampalataya sa ebanghelyo. (Maniwala sa orihinal na Griyego ay nangangahulugan: isuko ng lubos ang sarili.)

Mateo 24:35

Ang langit at ang lupa ay lilipas, ngunit ang aking salita ay hindi lilipas.

ANG PAGSISISI AY ISANG DESISYON

" Ang buong pag-iisip." Binabago natin ang ating saloobin at ang ating pag-iisip at ang ating mga aksyon tungkol sa kasalanan. (Ang panloob na pagbabago ay makikita sa labas ng ibang tao at ng ating mga sarili tayo'y nagpasya na sumunod kay Hesus at sundin ang kanyang salita.)

Roma 6:23

Sapagkat ang kabayaran ng kasalanan ay kamatayan; ngunit ang kaloob ng Diyos na walang bayad ay buhay na walang hanggan kay Kristo Hesus na Panginoon natin.

Sa gayon ang unang hakbangl upang maipanganak na muli ay ang magsisi at maniwala sa ebanghelyo. Ang susunod na hakbang ay ang maipanganak sa tubig at sa Espiritu.

MGA TANONG - BILUGAN Tama / Mali

Upang makita o makapasok sa kaharian ng Diyos, dapat ang isa ay ipanganak sa tubig at sa Espiritu. Tama / Mali

Sinabi ni Hesus, Ang oras ay natupad na, ang kaharian ng Diyos ay malapit na: mangagsisi at maniwala sa ebanghelyo. Tama / Mali

Ang pagsisisi ay isang pagbabago sa ating saloobin at sa ating isipan at sa ating mga aksyon tungkol sa kasalanan. Tama / Mali

Hindi natin dapat saliksikin ang mga kasulatan upang makita natin kung tayo ay magkakaroon ng buhay na walang hanggan. Tama / Mali

Dahil ang langit at lupa ay lilipas, subalit ang salita ni Hesus ay hindi lilipas, isang pakinabang na sundin ang kanyang plano ng kaligtasan. Tama / Mali

PAANO IPANGANAK SA TUBIG

May mahusay na mga halimbawa sa Biblia ng mga taong naipanganak na muli sa tubig.

Mga Gawa 8:30-31

Kaya't tumakbo si Felipe doon, at kanyang narinig na binabasa niya si Isaias na propeta, at sinabi niya, Nauunawaan mo ba ang binabasa mo? Sinabi ni Felipe, Paano nga ba, malibang may tumulong sa akin? …

Mga Gawa 8:35-39

Nagpasimulang magsalita si Felipe, at simula sa kasulatang ito ay ipinangaral niya sa kanya ang magandang balita ni Hesus. Sa kanilang pagpapatuloy sa daan, nakarating sila sa may tubig, at sinabi ng eunuko, Tingnan mo, narito ang tubig! Ano ang nakahadlang upang ako'y mabautismuhan? At sinabi ni Felipe: Kung nananampalataya ka ng buong puso ay mangyayari. Sumagot siya at sinabi: Sumasampalataya ako na si Hesu-Kristo ay Anak ng Diyos. Iniutos niyang itigil ang karwahe at lumusong si Felipe at ang eunuko sa tubig. At binautismuhan siya ni Felipe. Nang umahon sila sa tubig…

Dito, nakita natin ang isa tao kung paano naipanganak sa tubig (nabautismuhan). Ang Bagong Tipan ay original na nasulat sa wikang Griyego bago ito naisalin sa wikang Ingles. Ang salitang Griyego sa bautismo ay baptizo (bap-tid'zo); upang isawsaw, ilubog; upang magapi (halimbawa: ganap na basa). Sinabi sa atin ni Hesus …

Marcos 16:16

Ang sumampalataya at mabautismuhan ay maliligtas.

Narito pa ang iba pang mga halimbawa ng mga taong nabautismuhan (ipinanganak sa tubig) at ano ang Sinai ng sila ay mga nabautismuhan:

Acts 2:37-41

Nang marinig nila ito, nasaktan ang kanilang puso at sinabi kay Pedro at sa ibang mga apostol, Mga ginoo, mga kapatid, anong dapat naming gawin? At sinabi sa kanila ni Pedro, Magsisi kayo, at magpabautismo ang bawat isa sa inyo sa pangalan ni Hesu-Kristo upang mapatawad ang inyong mga kasalanan; at tatanggapin ninyo ang kaloob ng Espiritu Santo. Sapagkat ang pangako ay para sa inyo at sa inyong mga anak, at sa lahat ng nasa malayo, bawat isa na tinawag ng Panginoon nating Diyos sa kanya. Sa iaba pang salita ay binautismuhan siya at hinimok sila na sinasabi, Iligtas ninyo ang inyong sarili mula sa baluktot na lahing ito. Kaya't ang tumanggap ng kanyang salita ay binautismuhan at nadagdag nang araw na iyon ang may tatlong libong kaluluwa .

Alam ni Apostol Pablo ang kahalagahan hindi lamang ng pagsisisi, subalit maging ang mabautismuhan sa pangalan ni Hesu-Kristo para sa kapatawaran ng mga kasalanan. Ang iba pang mga halimbawa ay makikita sa:

Mga Gawa 8:12

Ngunit ng maniwala sila kay Felipe na nangangaral ng mabuting balita tungkol sa kaharian ng Diyos at sa pangalan ni Hesu-Kristo, sila ay nabautismuhan, mga lalaki at mga babae.

Roma 6:3-4

O hindi ba ninyo nalalaman na tayong lahat na mga nabautismuhan kay Kristo Hesus ay mga nabautismuhan tungo sa kanyang catamaran? Kaya't tayo ay inilibing na kasama niya sa pamamagitan ng bautismo tungo sa catamaran; na kung paanong si Kristo ay muling nabuhay mula sa mga patay sa pamamagitan ng kaluwalhatian ng Ama, gayundin naman tayo'y makakalakad sa panibagong buhay.

Mga Gawa 10:47-48

Maaari bang hadlangan ng sinuman ang tubig upang huwag mabautismuhan itong mga tumanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin? At kanyang inutusan sila na mabautismuhan sa pangalan ni Hesu-Kristo. Pagkatapos, siya'y pinakiusapan nilang manatili ng mga ilang araw.

Pansinin: Dito muli nating nakita ang bautismo sa tubig sa pangalan ng Panginoon (Hesus). Ang mabautismuhan sa pangalan ni Hesus ay isang nakasasabik na karanasan na walang katulad. Ang magkaroon ng kapatawaran sa mga kasalanan ay hindi mabibili ng salapi.

Mga Gawa 19:5

Nang kanilang marinig ito, sila'y binautismuhan sa pangalan ng Panginoong Hesus.

Mga Gawa 22:16

At ngayon, ano pang hinihintay mo? Tumindig ka at magpabautismo, at hugasan ang iyong mga kasalanan, na tumawag sa kanyang pangalan. (Ang pangalan ng Panginoon ay Hesus.)

MGA TANONG - BILUGAN Tama / Mali

Ang eunoko sa Mga Gawa kapitulo 8 ay nauunawaan ang Salita ng Diyos ng walang tulong. Tama / Mali

Ang eunoko ay nabautismuhan sa pamamagitan ng paglusong sa tubig. Tama / Mali

Nang ang mga tao ay nagtanong kung ano ang kanilang dapat na gawin, sila ay sinabihan na magsisi at mabautismuhan sa pangalan ni Hesu-Kristo sa ikapagpapatawad ng mga kasalanan. Tama / Mali

At ng sila ay naniwala sa pangangaral patungkol sa kaharian ng Diyos at sa pangalan ni Hesu-Kristo, sila ay nangabautismuhan, mga lalaki at mga babae.
Tama / Mali

PAANO ANG IPANGANAK SA ESPIRITU

Binigyan tayo ni Hesus ng kaalaman sa kung ano ang mangyayari kapag ang isa ay ipanganak sa Espiritu. Ito ay tunay na nakasasabik na himala, at milyon ang ipinanganak sa Espiritu sa ating buhay. Sinabi sa atin ni Hesus sa …

Juan 3:8

Humihip ang hangin kung saan nito ibig at naririnig mo ang ugong nito, ngunit hindi mo nalalaman kung saan ito nanggaling at kung saan tutungo. Ganoon ang bawat ipanganak ng Espiritu.

Pansinin: Hangin, Espiritu, at Banal na Espiritu sa Griyego ay mga pneuma (pnyoo'-mah); Hangin, Espiritu, Espiritu ni Kristo, o ang Banal na Espiritu.

Pansinin: Ugong sa Griyego ay phone (fo-nay'); tunog, wika

Sinasabi nito sa atin na ang lahat ng ipinanganak sa Espiritu (Espiritu ni Kristo, Banal na Espiritu) ay maririnig ang ugong (wika).

Marcos 16:17

At ang mga tandang ito ay tataglayin ng mga nananampalataya: sa paggamit ng aking pangalan ay magpapalayas sila ng mga demonyo, magsasalita sila ng mga bagong wika.

Pansinin: Ang salita ni Hesus ay nagsasabi sa atin ng palatandaan na sumusunod sa mga taong naniniwala- "sila ay magsasalita ng ibang wika." (Ang salitang Griyego ay glossa (gloce-sah'); wika.) Ang kahalagahan ng maipanganak sa Espiritu o sa Banal na Espiritu ay hindi mabibili ng salapi. Marami ang benepisyong darating resulta ng pagkakapanganak sa Espiritu.

Isaias 28:11-12

Hindi, kundi sa pamamagitan ng mga utal na labi at ng ibang wika ay magsasalita ang PANGINOON sa bayang ito, na sa kanya'y sinabi niya, "Ito ang kapahingahan, papagpahingahin ninyo ang pagod; at ito ang kaginhawaan;" …

Ang tao ay naghahanap ng kapahingahan at kaginhawaan, at narito ito ay para sa lahat ng mga nagsisisunod sa plano ni Hesus na ibinigay sa atin. Ating tingnan ang mga benepisyo sa pagsunod sa ebanghelyo.

Juan 10:10

Ang magnanakaw ay dumarating lamang upang magnakaw, pumatay, at pumuksa. Ako'y pumarito upang sila'y magkaroon nito nang may kasaganaan.

Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng lugar na inihanda para sa mga sumusunod sa plano, Siya ay pumarito upang tayo ay magkaroon ng buhay, at ito ay makuha natin ng higit pang may kasaganahan.

Mga Gawa 1:8

"Ngunit tatanggap kayo ng kapangyarihan pagbaba sa inyo ng Espiritu Santo; at kayo'y magiging mga saksi ko sa Jerusalem, sa buong Judea at Samaria, at hanggang sa kadulu-duluhang bahagi ng lupa."

Ipinaalam sa atin ni Hesus na tayo'y makatatanggap ng kapangyarihan matapos na ang Banal na Espiritu ay bumaba sa atin. Karaniwan ang tao ay sabik matapos na makatanggap ng Banal na Espiritu na nais nilang sabihin sa iba. Dahil sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu, tayo ay maaaring maging mga saksi.

Mga Gawa 2:1-4

Nang dumating ang araw ng Pentecostes, silang lahat ay nagkatipon sa isang lugar. Biglang dumating mula sa langit ang isang ugong na gaya ng isang humahagibis na hanging malakas, at pinuno nito ang buong bahay kung saan sila'y nakaupo. Sa kanila'y nagpakitang parang mga dilang apoy na nahahati at lumapag sa bawat isa sa kanila. Silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo, at nagsimulang magsalita ng iba't-ibang wika, ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu.

Pansinin: Muli wika sa Griyego ay glossa (gloce-sah'); wika.

Ito ay bilang pagkakapanganak sa Espiritu. Sila ay nangapuspos ng Banal na Espiritu at nagsimulang magsalita ng bagong wika. Hindi hinayaan ni Hesus na tayo'y iwanan niya na manghula kung tayo ay naipanganak sa Espiritu (Banal na Espiritu). Mayroong isang bagong wika na ating matatanggap. (Mga Gawa 1:14-15 Sama-samang itinalaga ng lahat ng mga ito ang kanilang sarili para sa pananalangin, kasama ang mga babae at si Maria na ina ni Hesus, at ang kanyang mga kapatid. At nang mga araw na ito, tumindig si Pedro sa gitna ng mga kapatid at nagsabi (at nagkakatipon ang maraming tao, na may isandaan at dalawampu).

Ating tingnan ang iba pang mga karanasan ng mga taong tumatanggap ng Banal na Espiritu ng mga taon matapos ang unang pagbuhos:

Mga Gawa 8:14-17

Nang mabalitaan ng mga apostol na nasa Jerusalem na tinanggap ng Samaria ang salita ng Diyos, sinugo nila sa kanila sina Pedro at Juan. Ang dalawa ay bumaba at ipinanalangin sila upang kanilang tanggapin ang Espiritu Santo, sapagkat hindi pa ito dumarating sa kaninuman sa kanila, kundi sila'y nabautismuhan lamang sa pangalan ng Panginoong Hesus. Ipinatong nila Pedro at Juan ang kanilang mga kamay sa kanila at tinanggap nila ang Espiritu Santo.

Pansinin: Matapos na matanggap ni Pedro at Juan ang Banal na Espiritu, ipinanalangin nila ang iba upang matanggap nila ang kamangha-manghang kapanganakan sa Banal na Espiritu. Sila ay mga nangabautismuhan na sa pangalan ni Hesus (ipinanganak sa tubig).
Matapos nilang ipinanalangin at ipatong ank kanilang mga kamay sa kanila, natanggap nila ang Banal na Espiritu. Ang iba pang halimbawa ay makikita sa …

Mga Gawa 10:44-48

Samantalang sinasabi ni Pedro ang mga salitang ito, bumaba ang Espiritu Santo sa lahat ng nakikinig ng salita. Ang mga mananampalatayang Hudyo na dumating na kasama ni Pedro ay

namangha sapagkat ibinuhos din maging sa mga Hentil ang kaloob ng Espirtu Santo. Sapagkat narinig nilang nagsasalita ang mga ito ng mga wika at nagpupuri sa Diyos. Nang magkagayo'y ipinahayag ni Pedro, Maaari bang hadlangan ng sinuman ang tubig upang huwag mabautismuhan itong mga tumanggap ng Espiritu Santo na gaya naman natin? At kanyang inutusan sila na mabautismuhan sa pangalan ni Hesu-Kristo.

Narito ang isang pinakadakilang halimbawa ng ipinanganak na muli. Samantalang si Pedro ay nagsalita, Ang Banal na Espiritu ay bumaba sa lahat ng mga nakarinig ng salita. Ang mga mananampalataya na sumama kay Pedro ay mga nagtaka na makita
ang Banal na Espiritu ay benthos din sa mga Hentil. (Paano nilang nalaman? Walang sinuman ang makakikita sa Espiritu, subalit alam nila na kapag ang isa ay ipinanganak sa Espiritu o Banal na Espiritu sila ay magsasalita ng bagong wika.) Mapapansin din na ang kautusan na magbautismo sa pangalan ng Panginoon (Kailangan pa din nilang mabautismuhan sa tubig.)

Narito ang huling halimbawa ng mga maraming tao na ipinanganak sa tubig at sa Espiritu, mga taon na lumipas matapos ang araw ng Pentecostes. Natatanggap pa din nila ang Banal na Espiritu na may mga patunay na pagsasalita ng bagong wika. Mapapansin din, na sa kabila na sila'y mga nabautismuhan, nang mabalitaan nila ang mensahe, sila ay mga nabautismuhang muli sa pangalan ng Panginoong Hesus.

Mga Gawa 19:2-3; 5-7

At sinabi sa kanila, Tinanggap ba ninyo ang Espiritu Santo nang kayo'y nanampalataya? Sinabi nila, Hindi, ni hindi pa namin narinig na may Espiritu Santo. Kaya't sinabi niya, Kung gayo'y sa ano kayo binautismuhan? Sinabi nila, Sa bautismo ni Juan. Nang kanilang marinig ito, sila'y binautismuhan sa pangalan ng Panginoong Hesus. Nang maipatong na ni Pablo sa kanila ang kanyang mga kamay, bumaba sa kanila ang Espiritu Santo at sila'y nagsalita ng mga wika at nagpropesiya.

MGA TANONG - BILUGAN Tama / Mali

Kapag ang isa ay ipinanganak sa Espiritu (Banal na Espiritu), mayroong ugong. Salitang Griyego para sa ugong ay phone (fo-nay'); ugong, wika. Tama / Mali

Sinabi sa atin ni Hesus ang tanda na susundin nilang mga naniniwala na sila ay magsasalita ng bagong wika. Tama / Mali

Upang makita o makapasok sa kaharian ng Diyos, ang isa ay dapat na maipanganak sa Espiritu (Banal na Espiritu). Tama / Mali

Hindi bale kung tayo ay ipinanganak sa tubig at sa Espiritu hangga't tayo ay naniniwala lamang. Tama / Mali

Kapag ang isa ay napuspos ng Banal na Espiritu, siya ay maaaring magsalita ng ibang wika ayon sa ipinagkaloob ng Espiritu. Tama / Mali

HAYAAN ANG PAGLALAKBAY NA MAGPATULOY

Ang lugar ay inihanda para sa lahat nang sumusunod sa plano ni Hesus. Ano ang maaaring ibigay ng isang tao para sa buhay na walang hanggan? Marcos 8:36, Itinanong ni Hesus ang mga sumusunod na katanungan:

Sapagkat ano ang pakinabang ng tao, makamtan ang buong sanlibutan, at mapahamak ang kanyang sariling kaluluwa?

Ito ang kasagutan na inaasam ng marami! Minsang maranasan ng isang tao kung paano ang positibo at tunay na kapanganakang muli, sila'y hindi na magiging katulad ng dati, lalo na at sila'y wala nang takot sa kamatayan at tunay nilang mababatid na si Hesus ay naghanda ng lugar para sa mga pumili sa kanyang daan.

Binayaran na ni Hesus ang halaga doon sa Kalbaryo, ng kanyang bukas na mga bisig. Ganoon na lamang ang pagmamahal niya sa atin. Ang dapat lamang nating gawin ay ang sumunod sa perpektong plano ng kaligtasan. Nang si Hesus ay nabuhay mula sa kamatayan, tayo rin ay nabuhay sa isang bagong buhay.

Mateo 7:24-27

Kaya't ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at ginaganap ang mga ito ay matutulad sa isang matalinong tao na nagtayo ng kanyang bahay sa ibabaw ng bato. Bumagsak ang ulan, at dumating ang baha. Humihip ang mga hangin at hinampas ang bahay na iyon, ngunit hindi iyon bumagsak, sapagkat itinayo sa ibabaw ng bato. Ang bawat nakikinig sa mga salita kong ito at hindi ginaganap ang mga ito ay matutulad sa isang taong hangal na nagtayo ng kanyang bahay sa buhanginan. Bumagsak ang ulan, at dumating ang baha. Humihip ang mga hangin at hinampas ang bahay na iyon, ay bumagsak; napakalakas nga ng kanyang pagbagsak.

Ang mga benepisyong ibinigay ni Hesus ay kagalakang di maipahayag at puspos ng kaluwalhatian, kapayapaan ng Diyos na magbabalik ng lahat nang pang-unawa, kapangyarihan, pag-ibig, at ang mapayapang pag-iisip.

MGA TANONG - BILUGAN ANG SAGOT

Nakita mo ba kung gaano kahalaga ang ipanganak sa tubig at sa Espiritu? OO / HINDI

Kung nakita mo, at nais mong maging handa para sa lugar na inihanda ni Hesus, kung magkagayon ating pag-usapan ang tungkol dito.

Santiago 4:14

Gayunman ay hindi ninyo nalalaman kung ano ang magaganap bukas. Ano ba ang inyong buhay? Kayo nga'y isang singaw na sa sandaling panahon ay lumilitaw, at pagkatapos ay naglalaho.

Hinihikayat ang Salita na lumaganap…

Para sa karagdagang mga kopya at
iba pang materyales na nauugnay :

www.aplaceprepared.com